HMIS ng Contra Costa

MAY-KABATIRANG PAHINTULOT NG KLIYENTE AT AWTORISASYON SA PAGLALABAS NG IMPORMASYON

Ang _____ ay isang Kasosyong Ahensya sa Sistema ng Impormasyon sa Pangangasiwa ng Mga Walang Tirahan (Homeless Management Information System o HMIS). Ang HMIS ay isang pinagsamang sistema ng database para sa walang tirahan at pabahay na pinangangasiwaan ng Konseho sa Pagpapatuloy ng Pangangalaga sa Mga Walang Tirahan sa County ng Contra Costa (Contra Costa County Continuum of Care Council on Homelessness), Sangay ng Mga Serbisyo sa Kalusugan, Pabahay, at Mga Walang Tirahan sa Contra Costa (Contra Costa Health, Housing, and Homeless Services Division), at ng mga ***kasalukuyang*** Kasosyong Ahensya na nakalista sa ibaba.

Ano ang HMIS at Bakit ko Ito Dapat Gamitin?
Ang HMIS ay isang pribadong pinagkakatiwalaang database na may impormasyon tungkol sa mga taong kumukuha ng suporta sa pabahay at iba pang serbisyo ng suporta. Walang sinuman sa labas ng HMIS ang makakakita sa ibinahagi nang walang pahintulot. Nakakatulong ang HMIS na mapahusay ang mga serbisyong iniaalok sa mga kliyente sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga aprubadong kawani sa Mga Kasosyong Ahensya na magbahagian ng impormasyon ng kliyente sa isa't isa, subaybayan ang mga uri ng mga serbisyong iniaalok at subaybayan ang mga kalakaran at nakagawiang pagkilos sa paglipas ng panahon upang malaman ang tungkol sa mga serbisyong pinakahigit na kinakailangan ng ating komunidad. Pinapatakbo ang HMIS gamit ang Internet at gumagamit ito ng maraming panseguridad na pag-iingat upang maprotektahan ang iyong pagkapribado.

Nakakatulong sa amin ang pagiging bahagi ng HMIS para maibigay sa iyo ang pinakamahusay na serbisyo at mga opsyon sa pabahay na magagamit mo. Kasabay ng pagtanggap mo ng mga serbisyo, kokolektahin namin ang datos tungkol sa mga serbisyong natatanggap mo, gayundin ang mga resultang nakamit mo sa pamamagitan ng pagkuha ng mga serbisyong ito. Ang iyong pangalan at iba pang personal na impormasyon na nakalagay sa HMIS ay **hindi ibabahagi** sa alinmang ahensya sa labas maliban na lang kung iaatas ng batas. Ikaw ang magpapasya kung papayagang ibahagi ang iyong impormasyon sa loob ng HMIS. Kung tatanggihan ito, <u>hindi</u> niyon malilimitahan ang iyong kakayahang makagamit ng shelter o mga serbisyo. Ilalagay pa rin sa HMIS ang hindi nagpapakilalang impormasyon hinggil sa paglahok sa programa upang matugunan ang mga pederal at pang-estadong kinakailangan sa pag-uulat.

Sa pamamagitan ng paglagda sa form na ito, nauunawaan ko na:

- Pinahihintulutan ko na maibahagi sa Mga Kasosyong Ahensya ang aking pangunahin at may kaugnayang impormasyon nang sa gayon ay matulungan ako sa paghahanap ng bahay, trabaho, pinansyal na tulong, pagpapayo, paggamot, at iba pang serbisyo. (Kabilang sa pangunahing impormasyon ang, pero hindi limitado sa, petsa ng pagkuha, pangalan, kasarian, SSN, petsa ng kapanganakan, lahi/etnisidad, laki ng sambahayan, katayuan sa hukbo, wika, at mga hindi kumpidensyal na serbisyong hiniling at natanggap.)

- May karapatan akong makatanggap ng kopya ng aking impormasyon sa HMIS kapag humiling nito sa kasulatan.

- Maaaring magbago sa paglipas ng panahon ang kasalukuyang listahan ng Mga Kasosyong Ahensya na gumagamit ng HMIS. Pinahihintulutan ko na ibahagi ang aking personal na

impormasyon sa alinmang bagong Kasosyong Ahensya sa HMIS. Bukod pa rito, kung makikipag-ugnayan ako sa programang Pag-abot sa Mga Nasa Lansangan na CORE (CORE Street Outreach), pinahihintulutan kong ibahagi ang aking pangalan, edad, mga serbisyo at iba pang impormasyong may kaugnayan sa pangangalaga ko sa mga ahensyang kasosyo nila, na maaari ding magbago sa paglipas ng panahon. Maaari akong humiling ng kasalukuyang listahan ng lahat ng Kasosyong Ahensya sa anumang oras.

- Kapag ibinigay ko ang aking pahintulot, ibabahagi ang lahat ng datos sa aking talaan sa HMIS. Mawawalan ng bisa ang pahintulot na ito 10 taon pagkatapos ng petsa ng paglagda. Alam ko na maaari kong kanselahin ang pahintulot na ito sa anumang oras sa pamamagitan ng nakasulat na kahilingan. Hindi masasaklaw ng pagkansela ang impormasyong naibigay ko na bago ako nagpasyang kanselahin ang aking pahintulot. Ang lahat ng impormasyong nakolekta nang ayon sa batas bago ang panahong ito ay mananatilihing nakaimbak sa HMIS.

Naka-print na Pangalan ng Kliyente o Tagapangalaga	Lagda Ng Kliyente O Tagapangalaga	Petsa

MGA KASOSYONG AHENSYA SA HMIS NG CONTRA COSTA

1. Mga Serbisyo sa Komunidad ng Bay Area (Bay Area Community Services)
2. Proyektong Pagkain at Pabahay sa Berkeley (Berkeley Food and Housing Project)
3. Korporasyon ng Bi Bett (Bi Bett Corporation)
4. Mga Katolikong Kawanggawa ng East Bay (Catholic Charities of the East Bay)
5. Kagawaran sa Probasyon ng County ng Contra Costa (Contra Costa County Probation Department)
6. Sentro para sa Krisis ng Contra Costa (Contra Costa Crisis Center) (211)
7. Departamento sa Mga Serbisyo sa Trabaho at Tao ng Contra Costa (Contra Costa County: Employment and Human Services Department, EHSD)
8. Departamento sa Mga Serbisyong Pangkalusugan ng Contra Costa (Contra Costa County: Health Services Department)
9. Tanggapang May Awtoridad sa Pabahay ng Contra Costa (Housing Authority of the County of Contra Costa, HACCC)
10. Mga Solusyon sa Pag-asa (Hope Solutions)
11. Pagsososyo para sa Pabahay ng East Bay (Housing Consortium of the East Bay)
12. Departamento para sa Mga Transaksyon ng Mga Beterano (Department of Veterans Affairs)
13. Tanggapan ng Edukasyon ng County ng Contra Costa (Contra Costa County: Office of Education, CCCOE)
14. Programa para sa Iba't ibang Pananampalataya sa Greater Richmond (Greater Richmond Interfaith Program)
15. Pamamaraang Makatao (Humanity Way)
16. Sentrong Ipinangalan Kay Hume (The Hume Center)
17. Pampamilyang Shelter ng Winter Nights (Winter Nights Family Shelter, Inc.)
18. Panghabambuhay na Medikal na Pangangalaga (Lifelong Medical Care)
19. Sentrong Pampamilya sa Northern California (Northern California Family Center)
20. SHELTER, Inc.
21. Pangasiwaan ng Segurong Sosyal (Social Security Administration)
22. Pagbibigay ng Bahay sa Beterano (Veteran's Accession House)
23. Trinity Center

KALAKIP A
MGA KASOSYO AT NAGPOPONDO SA PROGRAMANG PAG-ABOT SA MGA NASA LANSANGAN NA CORE

Ang Programang Pag-abot sa Mga Nasa Lansangan na CORE (Contra Costa CORE Street Outreach Program) ng Contra Costa ay nakikipagtulungan sa mga sumusunod na ahensya na **HINDI** mga kalahok na ahensya sa HMIS. Para sa mga layunin ng kumperensya sa kaso at pagkoordina ng pangangalaga, maaaring ibahagi sa mga kasosyong ito ang limitadong Personal na Nagpapakilalang Impormasyon (Personal Identifiable Information o PII) na ibinigay na gaya ng pangalan ng kliyente, edad, kasarian, petsa ng pakikipag-ugnayan, lokasyon, at mga rekomendasyon/serbisyo. Wala nang iba pang nagpapakilalang datos sa pagpapatala sa programa ang ibinabahagi sa mga ahensyang ito.

1. Lungsod ng Pleasant Hill (City of Pleasant Hill)
2. Lungsod ng Martinez (City of Martinez)
3. Lungsod ng Concord (City of Concord)
4. Lungsod ng Richmond (City of Richmond)
5. Lungsod ng San Pablo (City of San Pablo)
6. Lungsod ng Walnut Creek
7. BART (Bay Area Rapid Transit, BART)
8. Kagawaran ng Mga Pampublikong Gawain ng Contra Costa (Contra Costa County: Department of Public Works)